
DRO WORMKILLER • STELLITE • V-22 POW
HLOR SP • XZOL 24% • CONCENTRIN LA •
EDBIK TYLO • ISOLAN 5% • ISOLAN 20% •
ECICAL POWDER • ANIMYCIN • MILKGOLD • BIGG ELECTROLYTE

*May the* ***FORCE*** *be with you...*

## BELMAN Recommends

# Mga Gabay Sa Pag-aalaga ng Patabaing Baboy At Programang Pangkalusugan Para Sa Mahusay Na Produksyon



5TH EDITION

DRO WORMKILLER • STELLITE • V-22 POWDER • CHLOR SP • VE
ZOL 24% • REDBIK TYLO • • REDBIK IRON • CECICAL
OLAN 20% • ANIMYCIN • CHLOR SP • STELLITE • CB

# MGA GABAY SA PAGPAPALAKI/PAGPAPATABA NG BIIK

| KAILAN | MGA DAPAT GAWIN | BAKIT | DAPAT GAMITIN | PARAAN NG PAGGAMIT |
|---|---|---|---|---|
| 60-90 araw (2-3 buwan) | Dahan-dahang magpalit ng pagkaing hog starter. Ang pagkain ng baboy sa gulang na ito ay dapat dagdagan ng pampalakas na suplementong bitamina, mineral at growth promotant | Upang mapadali ang paglaki ng mga baboy. | **HAPPY PIG with Superdose Zinc Bacitracin (Feed Premix)** | 2 ½ kutsara bawa't 11 kilo ng finished feed o kaya'y 2 ½ kilo bawat toneladang finished feed. |
| | Palakasin ang katawan laban sa "Stress" o pagod tuwing magpalit ng pagkain o pagbabago ng panahon. Maghalo ng Electrolytes sa inuming tubig. | Habang lumalaki ang baboy sila'y nakakaranas ng stress. Kaya't kailangang gumawa ng paraan para maiwasan ang pagkakasakit. | **BIGG FORMULA 1 Water Soluble Granule** | 1 Kutsara bawat 4 na litrong painuming tubig. Ibigay sa loob ng 2-3 araw. |
| | Turukan ng bitaminang B-complex | Para lalong mapataas ang resistensya laban sa anumang pagod. | **VETCOMBEX Injectable** | 1 mL bawat baboy. Iturok sa kalamnan. |
| 91-120 araw (3-4 buwan) | Sa tuwinang magpapalit ng pagkain o dili kaya'y pagbago bago ng panahon. | Para lalong mapaganda ang enzyme action at tumaas ang kanyang resistensya laban sa sakit. | **BIGG FORMULA 2 Water Soluble Granule** | 1 kutsara bawat 4 na litro painuming tubig. Ibigay sa loob ng 2-3 araw. |
| | Dahan-dahan magpalit ng pagkaing hog grower. Sundin ang mga sumusunod na bagay. Unang araw-3 parte ng starter sa 1 parteng hog grower feed.<br>Pangalawang araw - kalahating parte ng hog starter at kalahating hog grower feed.<br>Pangatlong araw - 1 parte ng hog starter sa 3 parteng hog grower feed.<br>Ikaapat na araw - hog grower feed. | Ang rasyon ng pagkain sa mga baboy ay dapat ibahin sa iba't ibang stages ng paglaki. Dapat dahan-dahan na palitan ang pakain ng baboy para di magambala ang normal na pagkain nito. | | |
| | Ipagpatuloy ang pagbibigay ng suplemento ng Bitamina, Mineral at Growth Promotant kung kinakailangan. | Para tuloy-tuloy ang paglaki at makamtam ang tamang timbang ng baboy. | **HAPPY PIG with Superdose Zinc Bacitracin (Feed Premix)** | 2 ½ kutsara bawat 11 kilo ng finished feed o kaya'y 2 ½ kilo bawat toneladang feed. |
| 100 araw | Bago isagawa at pagkatapos ang pagbabakuna, magbigay ng Electrolytes sa inuming tubig. | Para panatilihing mataas ang resistensya laban sa "Stress". | **BIGG ELECTROLYTES** | 1 kutsara bawat 20 litrong painuming tubig. Ibigay sa loob ng 2-3 araw. |
| | Bakunahan ang mga alagang baboy ng panlaban sa Hog Cholera. | Para maiwasan ang grabeng sakit na tulad ng Hog Cholera. | **Hog Cholera Vaccine** | Sundin ang sinasaad sa pakete. |
| | Maghalo ng antibiotiko feed supplement sa pagkain. | Upang palakasin ang kanilang katawan at mapaglabanan ang epekto ng stress (pagod). | **CHLOR-SP Antibiotic feed supplement** | Lakuhan ng 1-2 kutsara (15-30 gramo) ng **Chlor-SP** ang bawat 11 kilo ng pagkain o 1-2 kilo bawat tonelada ng pagkain.<br>Ibigay ang may halong **Chlor-SP** na pagkain sa loob ng isang linggo (7 araw) |
| 120-150 araw (4-5 buwan) | Dahan-dahan ipalit ang Finisher / Fattener feed sa Grower feed. Laging dagdagan ng bitamina't mineral ang feed. Sundin lagi ang gabay sa pagpapalit ng feed na nasa itaas 91 araw. | para maiwasan ang stress dahil sa biglang pagpapalit ng pagkain, makatitipid sa gastos ng feed at mabibigyan ng tamang sustansiya ang baboy sa kanilang panganga-ilangan. | **NEW IMPROVED V-22 POWDER** | 2 ½ kutsara bawat 11 kilong finished feed o kaya'y 2 ½ kilo bawat toneladang feed.<br>Ihalo ang NEW **IMPROVED V-22** POWDER ng mabuti sa feed. |

# MGA GABAY SA PAGPAPALAKI/PAGPAPATABA NG BABOY

| KAILAN | MGA DAPAT GAWIN | BAKIT | DAPAT GAMITIN | PARAAN NG PAGGAMIT |
|---|---|---|---|---|
| 6-7 buwan | Sa mga napiling palahiang baboy na may timbang na 90 kilo. Dahan dahang ipalit ang brood sow ration sa grower feed at magdagdag ng vitamin and mineral supplement sa pagkain. | Para maihanda ang dumalagang baboy sa oras ng pagkakasta at ang kalusugan nito sa pagbubuntis. Sa ganitong paraan makakasiguro tayo sa magandang resulta ng pagpapakasta at lalong mapagbuti ang performance ng mga piling pili na breeders. | **CECICAL POWDER With Vitamin A D E** | Individual na pagpapakain ½ kutsarita araw-araw sa bawa't rasyon.<br>Maramihang pagpapakain; 8-10 kutsara bawat 50 kilo finished feed o 2 kgs. bawat toneladang finished feed. |
| 2 Linggo bago pakastahan | Haluan ang brood sow / breeder ration ng isang mabisang antibiotic. | Para makasiguradong malusog ang baboy sa oras ng pagpakasta ay kailangang maiwasan ang pisikal na stress na nakakaapekto sa ovulation, fertilization at conception. | **CHLOR-SP (basahin ang detalyte sa literatura)** | 1-2 kutsara sa bawa't 11 kilo ng finished feed o 1-2 kilo sa bawat tonelada ng finished feed. Ihalo ng mabuti sa feed. |
| 7-8 buwan (Selected Breeder) | Matyagang obserbahan ang unang paglalandi (heat period) ng dumalagang baboy. | Para maihanda at maisakatuparan ang tamang oras o araw ng pagpa-pakasta. Karaniwang pinakakastahan ang dumalaga sa bigat na 90-100 kilo o higit sa edad na 8 buwan o sa ikatlong paglalandi. | **VITAMIN A D E Injection** | 5 mL bawat dumalaga iturok. (Intramuscular) |
| | | Kadalasan nawawalan ng gana kumain ang inahin o dumalaga sa pagkakataong ito, kaya't ipinapayo maghalo ng Electrolytes sa inuming tubig para maiwasan ang pagbagsak ng resistensya ng katawan. At sa halip mapataas ang resistensya at maihanda sila sa panahong pagbubulog. | **BIGG ELECTROLYTES Water Soluble Granule** | 1 kutsara bawat 20 litrong painuming tubig. Ibigay sa loob ng 2-3 araw. |
| | Bawat 6 na buwan sa bawa't taon sa buhay ng baboy, pagsuri ng dugo sa mga reprodutive diseases halimbawa ay Brucellosis Leptospirosis. | Para maibsan ang pagkakataon na tamaan ng nakakahawang sakit ang mga palahiang baboy. Kapag mayroon sakit kailangan bigyan agad ng gamot. | | |

# PARAAN NG PAGPAPAKAIN

Sitenta'y singko porsiyento ng buong panggastos sa pagaalaga ng baboy ay napupunta sa pakain ng mga ito. Para kumita ang isang negosyante dapat niyang siguraduhin na mapapalaki ng husto ang mga baboy niyang alaga. Ang isang balanse, mataas na uri ng feed o pakain at isang maayos na pamamaraan sa pagpapakain ay makakatulong sa tama at mabilis na paglaki ng mga baboy.

BOOSTER RATION - Ito ay mayroong protina 22%. Pakainin mula sa edad 5 araw hanggang 4 na linggo.

# MILKGOLD

***SUPER FOOD FOR SUPER PIGLETS***

## PARAAN NG PAGPAPAKAIN...

| GULANG | DAMI NG PAKAIN |
|---|---|
| 5 - 11 ARAW | 7.5 - 15 GRAMO BAWAT BIIK SA BAWAT ARAW |
| 12 - 18 ARAW | 15 - 30 GRAMO BAWAT BIIK SA BAWAT ARAW |
| 19 - 25 ARAW | 30 - 50 GRAMO BAWAT BIIK SA BAWAT ARAW |
| 26 - 28 ARAW | 50 - 120 GRAMO BAWAT BIIK SA BAWAT ARAW |

Aabot lamang ng halos isang kilo ng **MILKGOLD** ang makakain ng bawat biik sa buong panahon (5 - 28 araw). sa limitadong pakain ay 2 hanggang 3 beses maghapon sa daming sapat lang makakabusog sa kanila. Pamalagiin lamang ang malinis na tubig na maiinom ng mga biik.

PRESTARTER RATION - Ito ay mayroon 20% protina. Ang pagkaing ito ay ibinibigay sa gulang na 1 hanggang 2 buwan. Dami ng pagkain 120-700 gramo bawat biik sa isang araw.

STARTER RATION - Ito ay mayroon 18% protina. Ang pagkaing ito ay ibinibigay sa mga baboy na 2 hanggang 3 buwang edad. Dami ng pagkain 700 gramo hanggang 1 kilo bawat baboy sa isang araw.

GROWER RATION - Ito ay mayroong 15% protina. Ibinibigay ito sa mga baboy na 3 buwan hanggang 4 na buwang edad. Dami ng pakain 1 kilo hanggang 2.5 kilo bawat baboy sa isang araw.

FINISHER RATION - Mayroon itong 14% protina. Ibinibigay ito sa mga baboy na 4 na buwang edad hanggang sila ay umabot sa timbang na maaari na itong ipagbili. Dami ng pakain, 2.5-3.0 kilo bawat baboy sa isang araw.

BREEDER RATION - Pakain para sa lahat ng klaseng palahiang baboy. Ang sa barako ay may 15-16% protina. Ang inahin ay pinapakain ng 2.5 kilo bawat araw ngunit maaaring hanggang 4.5 kilo ang pinakamaraming pakain bawat inahin bawat araw.

## MGA SUPLEMENTO NA MAAARING KAILANGANG IHALO SA PAKAIN:

- **HAPPY PIG with Super Dose Zinc Bacitracin** - 2 - 5 buwan ang edad
- **NEW IMPROVED V-22 POWDER** - 5 - 6 buwan ang edad
- **CECICAL POWDER** - 6 - 7 buwan ang edad (kung ang layunin ay gagawing palahiang baboy)
- **CHLOR-SP** - Basahin ang detalye ukol sa tamang gamit at panahon.

---

Para sa karagdagang impormasyon sumulat o tumawag sa:

**BELMAN COMPANIA INCORPORADA**

Animal Healthcare